CALIFORNIA DEPARTMENT OF HEALTH CARE SERVICES
Michelle Baass | Director

Medi-Cal

Oktubre 2023

# Mahalagang balita tungkol sa iyong health coverage

Mahal na Miyembro ng Medi-Cal,

Magandang balita! Maaaring malapit ka nang makakuha ng karagdagang Medi-Cal benefits. Simula **Enero 1, 2024**, ang full Medi-Cal ay magiging available sa adults na 26 hanggang 49 taong-gulang na kwalipikado para sa Medi-Cal. Ang **full** Medi-Cal ay naiiba sa **restricted** Medi-Cal na kasalukuyang mayroon ka. Sakop lamang ng restricted Medi-Cal ang emergency services. Hindi nito sakop ang mga bagay tulad ng gamot at primary care.

Mga dapat isipin sa mga darating na buwan:

- Ang iyong immigration status ay hindi isasaalang-alang na bahagi ng eligibility process.
- **Sa Disyembre 2023 ay tatanggap ka ng sulat sa mail na magsasabi sa iyo kung at kailan mo makukuha ang full Medi-Cal.**
- **Mas marami kang health care services na makukuha sa full Medi-Cal.**
- Ang Medi-Cal ay may libre o abot-kayang health care para sa mga táong naninirahan sa California.

Sinasakop ng full Medi-Cal ang mga serbisyong ito at marami pang iba:

- Medikal na pangangalaga
- Gamot na iniutos ng iyong doktor
- Specialty care
- Pangangalaga sa pangkaisipang kalusugan
- Family planning at pangangalaga sa buntis na babae
- Emergency care
- Mga test na iniutos ng iyong doktor
- Medical supplies
- Paggamot sa paggamit ng alak at droga
- Pangangalaga sa ngipin
- Transportasyon sa pagpunta sa doktor at dentista at para makuha ang mga de-resetang gamot
- In-home na pangangalaga at suporta para maiwasan ang pangangalaga sa nursing home

**California Department of Health Care Services**
Director's Office
1500 Capitol Avenue | Sacramento, CA | 95899-7413
MS 0000 | Phone (916) 440-7400 | dhcs.ca.gov

**State of California**
Gavin Newsom, Governor

California Health and Human Services Agency

- Pangangalaga sa paningin (salamin)
- Hearing aids
- Pangangalaga sa paa

Kung kasalukuyan kang mayroong Medi-Cal na may kinalaman sa pagbubuntis, nasa iyo na ang lahat ng mga medikal na kinakailangang serbisyo na sinasakop ng Medi-Cal.

**Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Medi-Cal, basahin ang Frequently Asked Questions (Mga Madalas na Katanungan) (FAQ) para sa mga miyembro; ito'y dumating kasama ng sulat na ito.**

**Mahahanap mo sa ibaba ang mahalagang impormasyon tungkol sa mga susunod na hakbang:**

**Hindi mo kailangang punan ang panibagong aplikasyon sa Medi-Cal.**
Mayroon ka nang restricted Medi-Cal kaya't hindi mo kailangang punan ang panibagong aplikasyon para sa full Medi-Cal. **Kung kwalipikado ka para sa full o SOC Medi-Cal, awtomatiko kang i-eenroll.**

Kung nakakuha ka ng packet sa mail para i-renew ang iyong Medi-Cal, punan at ibalik ito. Maaari mong tawagan ang iyong local county office para humingi ng tulong.

**Paano ka makakakuha ng health care services.**
Makukuha ng karamihan ng mga táong may full Medi-Cal ang kanilang health care services gamit ang isang Medi-Cal Managed Care Plan. Ang isang Medi-Cal Managed Care Plan ay isang health plan na nakikipagtulungan sa mga doktor, mga ospital, at iba pang health care providers sa iyong lugar ng serbisyo para ibigay sa iyo ang mga serbisyo ng Medi-Cal na iyong kinakailangan.

Kapag sumali ka sa isang Medi-Cal Managed Care Plan, maaaring makakuha ka pa rin ng ilang mga serbisyo gamit ang Fee-For-Service (regular) Medi-Cal sa halip na gamit ang iyong Medi-Cal Managed Care Plan. Sa karamihan ng counties, kabilang dito ang ilang takdang home at community-base services, karamihan ng mga serbisyo ng Medi-Cal pharmacy, substance use disorder treatment services, at mga serbisyo sa pangangalaga sa ngipin.

Ang iyong choices sa Medi-Cal Managed Care Plan ay depende sa kung saang county ka nakatira. Ang ilang mga county ay may isang plan. Ang ilang mga county ay may mahigit sa isang plan na mapagpipilian. Padadalhan ka namin sa mail ng sulat at ng isang *My Medi-Cal Choice* packet na mayroong iyong mga mapagpipiliang plan.

**Paano ka makakakuha ng health care services kung ikaw ay may Medi-Cal na may Share of Cost (SOC).**
Kung mayroon kang SOC, maaaring makuha mo ang iyong health care services gamit ang Fee-For-Service (regular) Medi-Cal o gamit ang isang Medi-Cal Managed Care Plan. Maaaring hindi mo kailangang pumili ng isang Medi-Cal Managed Care Plan. Sa Fee-For-Service (regular) Medi-Cal, maaari mong puntahan ang sinomang doktor na tumatanggap ng Fee-For-Service (regular) Medi-Cal.

**Dapat mong itago ang iyong Medi-Cal Benefits Identification Card (BIC).**
Ang iyong BIC ay isang plastic card na may mga orange poppy na bulaklak o isang asul at puti na design. Kakailanganin mo ito kapag nakakuha ka ng full o SOC Medi-Cal. Tawagan ang iyong county office kung kailangan mo ng isang bagong BIC.

Laging dalhin ang iyong BIC sa iyong doktor o kapag magpapa-medikal o magpapadentista. Kapag ikaw ay nasa isang Medi-Cal Managed Care Plan, makakatanggap ka ng card mula sa iyong bagong plan. Kailangan mong ipakita ang dalawang card na ito kapag nagpunta ka sa iyong doktor, dentista, botika, at iba pang medical providers.

**Resources para sa iyo at sa iyong pamilya habang nagna-navigate ka sa iyong Medi-Cal services:**

**Kailangan mo ng tulong sa ibang wika.**
Kung kailangan mo ng tulong sa isang wika maliban sa Ingles, basahin ang listahan ng mga numero ng telepono para sa libreng tulong sa wika na nakalakip sa sulat na ito. Kontakin ang language assistance services para makakuha ng interpreter na tutulong sa iyo na basahin ang sulat na ito.

**Makakakuha ka ng materyales sa ibang format.**
Puede mong hilinging makuha ang lahat ng nakasulat na impormasyon tungkol sa iyong Medi-Cal benefits sa ibang format. Ang format ay maaaring Braille, large print, audio o data CD, o ibang format upang tulungan kang maunawaan at mabasa ang mga sulat, o mapunan ang iyong packet. Para hilingin ito, maaari kang:

- Magpunta sa afs.dhcs.ca.gov. Sumunod sa instructions para pumili ng ibang format.
- Tumawag sa **1-833-284-0040** (California Relay 711). Libre ang tawag.
- Kontakin ang iyong local county office. Hanapin ang iyong local county office sa dhcs.ca.gov/COL.

**Para matulungan ka nang personal,** maaari mong kontakin ang isang Health Enrollment Navigator sa iyong komunidad. Bisitahin ang GetMedi-CalCoverage.dhcs.ca.gov at piliin ang “Find Local Help” (Humanap ng Local Help).

**Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Medi-Cal Managed Care Plans,** tawagan ang Health Care Options sa 1-800-430-4263 (ang mga gumagamit ng TDD/TTY ay tatawag sa 1-800-430-7077); libre ang tawag. O kaya’y magpunta sa Health Care Options website sa healthcareoptions.dhcs.ca.gov.

**Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Adult Full Medi-Cal Expansion,** magpunta sa DHCS website sa bit.ly/AdultExpansion.

**Para sa mga tanong tungkol sa immigration at sa Medi-Cal program:**
Para sa impormasyon at resources tungkol sa immigration, magpunta sa California’s Immigrant Guide sa immigrantguide.ca.gov.

HINDI isinasaalang-alang ng U.S. Department of Homeland Security at ng U.S. Citizenship and Immigration Services ang health, food, at housing services kapag tinitiyak nila kung ang isang tao ay public charge. Sa gayon, ang paggamit ng Medi-Cal benefits (maliban kung para sa nursing home o mental health institution care) ay HINDI makakasamâ sa immigration status ng isang indibidwal. Kapag ang isang tao ay nag-apply para sa benefits na pinopondohan ng estado, ang kanyang impormasyon ay ginagamit lamang para matiyak kung siya'y kwalipikado. Prinoprotektahan ng mga batas ng estado ang pagka-pribado ng kanyang impormasyon.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa public charge, magpunta sa California Health and Human Services Agency Public Charge Guide sa chhs.ca.gov/public-charge-guide.

Pinopondohan ng California Department of Social Services (CDSS) ang mga kwalipikadong non-profit organizations na magbigay ng mga serbisyo sa mga imigranteng naninirahan sa California. May listahan ng mga organisasyon na ito sa bit.ly/immigration-service-contractors.

Maraming Salamat!

Department of Health Care Services